

KATOLIKONG DIYOSESIS NG SAITAMA

MGA BATAYANG ALITUNTUNIN AT MGA PANGUNAHING ISYU PARA SA PASTORAL NA PAGPAPALAGANAP 2011-2020

Sa isang dekada mula sa taon 2000, ang Diyosesis ng Saitama ay lumago ayon sa Pahayag ng Misyon: “Ang isabuhay ang Ebanghelyo kasama ang lahat ng tao, lalo na ang mga isinantabi.” Ang Diyosesis, na ninais na magtayo ayon sa pag-unlad na nagawa sa nakaraang dekada; na ninais na lalong maging buhay na palatandaan ng presensiya ni Kristo, ay nagpasya na, kasabay sa gawain ng pagbalangkas at pagpapahayag ng mga Batayang Alituntunin at mga Pangunahing Isyu para sa susunod na dekada (2011-2020), ay mananawagan sa – mga parokya, area blocks at ang grupo ng iba’t-ibang lengguwahe- lahat ng iba’t-ibang komunidad ng Diyosesis, na kunin at ipatupad ang isa sa kahit anong mga Pangunahing Isyu sa Diyosesis, o naayon sa mga Batayang Alituntunin ng Diyosesis, na gumawa ng isang Pangunahing Isyu na maari nilang sama-samang magawa.

PAHAYAG NG MISYON: “HABANG PINAPALALIM ANG ATING SARILING PANANAMPALATAYA, ISABUHAY NATIN AT IPAHAYAG ANG EBANGHELYO, KASAMA ANG LAHAT NG TAO, LALO NA ANG MGA ISINANTABI.”

~MAGKAISA TAYO KAY KRISTO~

I. MGA BATAYANG ALITUNTUNIN

1. Layunin natin na magkaroon ng komunidad na; habang aktibong makatagpo si Kristo sa gitna ng ating kontemporaryong lipunan; sama-sama tayong natututo sa mga turo ng Kristo sa loob ng komunidad: magkasamang nananalangin, isinabuhay ang Ebanghelyo kasama ang mga iba’t-ibang tao, at mayroong sapat na lakas upang ibahagi ang Ebanghelyo sa iba.
2. Layunin natin na magkaroon ang layko at mga ministro pastoral na magkakatipon palibot sa isang hapag, upang pagkatapos mag-usap at magbahaginan sa mga biyaya ng Panginoon sa bawat-isa, lalo silang lalago bilang magkapatid sa pamamagitan ng pagtutulungan upang magkasamang bumuo ng team ministry.
3. Layunin natin ang isang komunidad na sama-samang nananalangin at nakikiisa sa bawat-isa; isang komunidad na sama-samang kumilos upang maseguro na ang bawat tao ay mabuhay ng marangal.

II. MGA PANGUNAHIN ISYU NG DIYOSESIS

PANGUNAHIN 1: MATUTO, ISABUHAY, AT IPALAGANAP ANG SALITA NG DIYOS

- Sa pamamagitan ng Pag-aaral ng Bibliya, atbp., upang masanay ang ating sarili sa Banal na Bibliya at makapagtipon upang sama-samang magbahaginan ng Salita ng Diyos
- Ilaan ang lakas sa pagbigay ng paghubog ng pananampalataya ng mga kabataan
- Paglagay ng kahalagahan sa ating buhay sa pananalangin ng pamilya at Misa
- Magtayo ng nananampalatayang komunidad na magiging mga saksi sa pagmamahal ni Kristo

PANGUNAHIN 2: PALALIMIN AT PALAWAKIN ANG UGNAYAN NG MGA KULTURA SA LOOB NG ATING SIMBAHAN

- Mabuhay bilang multi-kultural na Simbahan
- Palalimin ang ugnayan ng mga kultura; matutong maranasan ang saya mula sa pagkakaroon ng parehong pananampalataya sa gitna ng mabungang pagkakaiba ng lengguwahe at kultura
- Palalimin ang nag-uugnay sa mga layko sa pamamagitan ng pagkakaroon ng Internasyonal na mga Misa, charity events at mga piyesta

PANGUNAHIN 3: SAMA-SAMANG MAMUHAY SA MGA ISINANTABI

- Bigyan ng pangunahing halaga ang pakikipag-ugnayan sa mga taong nasa mahinang posisyon sa lipunan at bigyan sila ng suporta
- Ilaan ang ating mga sarili na aktibong harapin ang mga isyu ng lipunan gaya ng bullying (pang-aapi) at diskriminasyon

PANGUNAHIN 4: AKTIBONG “TEAM MINISTRY AT PASTORAL NA PAGPAPALAGANAP”

- Isabuhay ang diwa ng “Team Ministry at Pastoral na Pagpapalaganap” na magpapalago sa talento ng bawat pastoral na ministro; sa pamamagitan ng pagtutulongan ng mga layko, relihiyoso/sa, diyakono at mga pari bilang team. Sa pamamagitan nito, lahat ay magkakaroon ng pagkakataon na maranasan ang kapatiran sa bawat-isa
- Paigtingin ang pagsusumikap para sa paghubog ng mga ministrong layko

PANGUNAHIN 5: ITAGUYOD ANG SIMPLENG PAMUMUHAY

- Palalimin ang pag-uunawa sa Simpleng Pamumuhay sa Ebanghelyo at itaguyod ang daan ng buhay sa pagkikipagkasundo sa kalikasan at kapaligiran
- Pahalagahan ang makipamuhay na maging mayaman ang ating puso sa espirituwal na kapayakan at hindi ang pagpapahalaga sa material na yaman

PANGUNAHIN 6: MAGHANGAD AT MAGDASAL PARA SA KAPAYAPAAN

- Matutong magdasal at sama-samang kumilos para sa kapayapaan
- Palakasin ang ugnayan sa mga lider ng ibang relihiyon sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga pagdiriwang gaya ng Sampung Araw Para Sa Kapayapaan, na magpapatunay ng ating mithiin para sa kapayapaan

PANGUNAHIN 7: PALAKASIN ANG UGNAYAN NG PAKIKIISA SA MGA TAO SA BUONG MUNDO, LALO NA SA MGA TAO SA ASYA AT LATIN AMERIKA

- Sa pamamagitan ng mga pilgrimage at pagpapadala ng mga Kabataang Embahador upang maghatid ng kontribusyon para sa Table of the Lord Fund sa iba’t-ibang bansa, atbp., ay magkakaroon ng pagkakataon para sa pagpapalitan ng kultura na galing sa ibaba. Ang pakikipag-ugnayan ng mga tao na may iba’t-ibang kasaysayan at kultura ay nag-alay ng pagkakataon upang matuto sa iba’t-ibang paraan ng buhay sa mundo.

PANGUNAHIN 8: MAGTRABAHO PARA SA PAGPAPANAU LI NG MALAKING LINDOL SA SILANGANG JAPAN

- Sa pagbibigay ng tulong at suporta sa mga taong naninirahan sa temporaryong pabahay, atbp., — ang tao sa tao na mga pagtatagpo ay binigyang diin bilang mahalagang parte ng tulong para sa pagpapanauli

III. MGA PANGUNAHING ISYU PARA SA MGA PAROKYA, BLOCK AREAS AT GRUPO NG MGA IBA'T-IBANG LENGGUWAHE

Paki-kuha ng isang Pangunahing Isyu para sa inyong parokya o grupo ng lengguwahe matapos ikonsidera ang sumusunod na mga punto:

- 1) Pumili sa isa sa mga Pangunahing Isyu ng Diyosesis, o kaugnay sa mga Batayang Alituntunin ng Diyosesis at gumawa ng sariling pangunahing isyu para sa inyong komunidad.
- 2) Gumawa ng konkretong plano, na maaring makamit sa 3 hanggang 5 taon, na makapag-sakatuparan sa pangunahing isyung ito.
- 3) Magkaroon ng sariling mga ebalwasyon at baguhin ang ano mang kailangang pagbabago sa inyong plano.

KOMENTARYO UKOL SA MGA BATAYANG ALITUNTUNIN NG PASTORAL NA PAGPAPALAGANAP

Matapos ang Komentaryo sa mga Batayang Alituntunin, ang mga berso ng Bibliya at reperensiya ay ipinagkaloob. Pakigamit sa mga ito kung makakatulong sa inyong komunidad na mapalalim ang pang-unawa sa mga Batayang Alituntunin.

BATAYANG ALITUNTUNIN 1

Upang makatagpo natin si Kristo sa gitna ng ating kontemporaryong lipunan, mahalaga para sa atin bilang mga indibiduwal at bilang komunidad na palalimin ang ating kaalaman sa mga turo ni Kristo; at kailangan natin na magbigay saksi sa mga turong ito sa pamamagitan ng pag-aaral, panalangin at pagbabahagi bilang komunidad. Naniniwala tayo na sa pamamagitan ng pagsasabuhay sa Ebanghelyo kasama ang ibang tao, "sama-sama", ang ating komunidad ay makakuha ng lakas upang maging isang komunidad na nagbibigay-buhay.

- **"Sa kanya rin kayo sama-samang ginawang tahanan ng Diyos sa Espiritu." (Efeso2:22)**
- Ang Dogmatic Constitution on the Church, LUMEN GENTIUM 4 (Tungkol sa Banal na Espiritu Santo na nagpapabanal sa Simbahan)
- Ang Dogmatic Constitution on the Church, LUMEN GENTIUM 5 (Tungkol sa Kaharian ng Diyos)

BATAYANG ALITUNTUNIN 2

Sa gitna ng kumplekadong lipunan, ang Diyosesis ng Saitama ay nakapagbigay ng buhay sa Team Ministry para sa Pastoral na Pagpapalaganap bilang bagong pamamaraan sa paggawa ng Pastoral Ministry. Ninanais natin na ang mga layko, lay missionaries, relihiyoso/sa, diyakono, pari at ang Obispo ay magkakatipon palibot sa isang hapag. Matapos na malayang mapag-usapan ang mga isyu at nagbabahaginan ng mga biyaya ng Panginoon, maari na silang sama-samang mag-ministro at umunlad bilang mga kapatid kay Kristo.

- **"Maging masipag kayo sa inyong pagmamahal, kapatid. Mag-unahan ang isa't-isa sa pagbibigay galang." (Roma 12:10)**

- **“Nananatili silang matapat sa aral ng mga apostol sa pagsasamahan, sa paghahati ng tinapay, at sa panalangin.” (Gawa 2:42)**
- Ang Dogmatic Constitution on the Church, LUMEN GENTIUM 39-42 (Chapter V, ANG UNIBERSAL NA TAWAG SA KABANALAN SA SIMBAHAN)
- Gawa 6:1-7
- Prepasyo “Mga Banal”

BATAYANG ALITUNTUNIN 3

Upang ang bawat indibiduwal ay magkaroon ng sariling dignidad bilang tao na ginagalang, ninanais natin na manalangin palagi, na magtrabaho para sa kapayapaan, na magmalasakit para sa kalikasan, na magbigay tulong sa panahon ng sakuna, at ilaan ang ating mga sarili sa pagharap sa mga isyu ng lipunan. Naniniwala tayo na ang ating mga hakbang ay nililiwanagan sa pamamagitan ng pakikipamuhay sa mga tao na isinantabi. Layunin natin ang isang komunidad na umaabot lagpas sa mga hangganan, nasyonalidad o pagkakaiba ng relihiyon, sama-samang nanalangin, namuhay sa pakikiisa at nagkakaisang gumawa.

- **“Makigalak sa mga nagagalak, makitangis sa mga tumatangis.” (Roma 12:15)**
- Ang Dogmatic Constitution on the Church, LUMEN GENTIUM 4 (CHAPTER 1, ANG MISTERYO NG SIMBAHAN)
- Gawa 9.36-42, 13:44-52 (46, 47)